**Overview of Laudato Si' Goals and Actions**

Laudato Si' Plans help your institution, community, or family discern and implement your response to Laudato Si'.

The ecological crisis is "a summons to profound interior conversion," a reexamining of our relationships with the Creator, with creation, and with our sisters and brothers. (LS 217) This conversion process is one that unfolds over months and even years, as the Holy Spirit calls us to an ever deeper richness of spirit.

In our response to that conversion, we realize that "living our vocation to be protectors of God's handiwork is essential to a life of virtue." (LS 216). Action is needed.

The Laudato Si' Goals guide our actions. They redefine and rebuild our relationship with each other and our common home. Their holistic approach acknowledges the planetary limits of all socio-economic systems and the human roots of the ecological crisis. They call for a spiritual and cultural revolution to realise integral ecology.

The **Response to the Cry of the Earth** is a call to protect our common home for the wellbeing of all, as we equitably address the climate crisis, biodiversity loss, and ecological sustainability. *A proposed set of actions to make progress towards this goal includes the following (to be finalized in the coming months).*

- Protecting the climate by installing solar panels, insulating buildings, buying renewable energy credits where available, and installing cleaner or more efficient cookstoves or appliances
- Protecting biodiversity by planting native trees, planting native gardens, removing invasive species, practicing regenerative agriculture, and protecting pollinators
- Protecting waterways and land by ensuring sensible fertilizer use, instituting drop irrigation and other conservative irrigation models, planting waterway buffers, avoiding the installation of impermeable surfaces around buildings, instituting regular litter removal and prevention campaigns, and pursuing conservation schemes

The **Response to the Cry of the Poor** is a call to promote eco-justice, aware that we are called to defend human life from conception to death, and all forms of life on Earth. *A proposed set of actions to make progress towards this goal includes the following (to be finalized in the coming months).*

- Protecting all life through educational events
- Delivering WASH services by ensuring access to clean water, training community members in hygiene practices, and ensuring diverse community members plan WASH projects
- Promoting and protecting Indigenous leadership by ensuring Indigenous communities have the rights to their land and by elevating Indigenous leadership
- Delivering access to land and clean air by ensuring community members have free access to green space and that children's spaces are free of air pollution
- Growing in solidarity with vulnerable people by doing an audit of community challenges, delivering programs to address basic needs, and delivering programs to address failed systems
- Sharing resources and wisdom by learning from elders, sharing social resources, sharing monetary resources, and holding community-wide action days

**Ecological Economics** acknowledges that the economy is a sub-system of human society, which itself is embedded within the biosphere–our common home. *A proposed set of actions to make progress towards this goal includes the following (to be finalized in the coming months).*

- Building and supporting the circular economy by launching trading communities and purchasing from retailers that use recycled materials
- Ensuring financial investments are ethical and sustainable by divesting from fossil fuels, investing in socially responsible enterprises, amd choosing ethical banking and insurance companies
- Practicing fair and sustainable purchasing by supporting ethical businesses, taking a "total cost of ownership approach" to purchases, making a sustainability shopping list, and purchasing from local retailers
- Ensuring the dignity of workers by supporting good jobs with liveable wages and benefits, supporting cooperative management practices, supporting those who perform "care labor," and buying from cooperatives and other ethical enterprises

- Participating in the gift economy by teaching gift economy values

The **Adoption of Sustainable Lifestyles** is grounded in the idea of sufficiency, and promoting sobriety in the use of resources and energy. *A proposed set of actions to make progress towards this goal includes the following (to be finalized in the coming months).*

- Improving sustainability in buildings by installing cleaner or more efficient lighting, reducing use of heating and air conditioning, and installing low-flow taps
- Improving sustainability in transportation by increasing use of electric vehicles or bicycles and by replacing air and auto trips
- Improving sustainability in diets by reducing food waste before and after market, composting, buying food from local producers when possible, and transitioning from meat-based to plant-based meals
- Improving sustainability in consumer purchases by eliminating the use of disposable plastic and styrofoam, correctly recycling as much as possible, and reducing purchases of new consumer goods

**Ecological Education** is about re-thinking and re-designing curricular and institutional reform in the spirit of integral ecology in order to foster ecological awareness and transformative action. *A proposed set of actions to make progress towards this goal includes the following (to be finalized in the coming months).*

- Developing Laudato Si' learning opportunities by implementing a Laudato Si' education plan and by ensuring that members of the community are familiar with the local ecosystem, the science and social dimensions of the ecological crisis, and ecological virtues
- Ensuring education is community-led by creating ways for educators to undergo ecological conversions, creating opportunities for youth-led events, and developing mechanisms to publicly recognize young people for their leadership
- Weaving Laudato Si' themes into the community's communications by regularly highlighting them in newsletters/bulletins and on social media and by encouraging community members to develop Laudato Si' Plans
- Delivering equitable access to education by ensuring under-represented groups are educated, shaping education programs with a wide variety of people, offering culturally appropriate and/or alternative forms of

education, and ensuring that education promotes human rights and dignity

**Ecological Spirituality** recovers a religious vision of God's creation and encourages greater contact with the natural world in a spirit of wonder, praise, joy and gratitude. *A proposed set of actions to make progress towards this goal includes the following (to be finalized in the coming months).*

- Celebrating the Season of Creation by co-hosting a Season of Creation event with another community, publicly praying for our social and ecological redemption during the season, developing an annual Season of Creation practice, and publishing annual statements of support for the Season of Creation
- Encouraging community reflection on Laudato Si' themes by having the leader of the community speak about them, including them in the celebration of liturgical moments, and making study and prayer guides available
- Praying in nature by blessing a natural space as a reflection/meditation area and regularly praying there, hosting an outdoor prayer service, and creating a prayer journal, bulletin board, or other way of recording and sharing prayers made in nature

**Community Engagement and Participatory Action** encourage the development of cultures and policies that protect our common home and all who share it. *A proposed set of actions to make progress towards this goal includes the following (to be finalized in the coming months).*

- Advocating for social and ecological causes by identifying a social/environmental policy focus, organizing public and/or private community events with officials to discuss advocacy issues, maintaining a regular review of policies and sharing updates with the community, and having a community leader make public statements about advocacy issues
- Engaging the wider public by organizing social/ecological events, regularly exploring the local ecosystem as a group, and writing for local newspapers or commenting on local news stories related to Laudato Si' themes
- Developing a social response to shared challenges by collaborating with leaders to identify ways the Church can support your social/ecological

programs and developing a community coalition to prepare for and respond to emergent social crises
- Developing resilience by analyzing the physical, social, and spiritual ways your community is likely to be affected by climate change and biodiversity loss and making a plan to resiliently prepare for those changes, ensuring buildings are prepared for changes in heat, storm intensity, and sea-level rise, and ensuring members of the community are able to travel to other locations in the event of a weather emergency

## Translation

Ang Pangkalahatang ideya ng Laudato Si Plans (Mga Plano ng Laudato Si)

Ang Mga Plano ng Laudato Si ay tutulong sa inyong institusyon , pamayanan/ komunidad o pamilya sa malalim na pagkilala at pagsasakatuparan ng inyong pagtugon sa Laudato Si

Ang krisis pang-ekolohiya ay isang "panawagan para sa isang malalim na pagbabalik-loob" , isang muling pagsusuri sa ating pakikipag-ugnayan natin sa ating Manlilikha , sa mga nilikha at sa ating mga kapatid . (LS 217) . Ang proseso ng pagbabalik-loob na ito ay magaganap sa loob ng ilang buwan o kaya ay mga taon , habang tinatawagan tayo ng Banal na Espiritu tungo sa higit na malalim na yaman ng ispiritu.

Sa ating pagtugon sa pagbabalik-loob na ito , mapagtatanto natin na mahalaga sa isang buhay ng kabutihang -loob ang pagsasabuhay ng ating bokasyon bilang tagapangalaga ng mga nilikha ng Diyos."

Ang mga Layunin ng Laudato Si ay siyang gagabay sa ating mga pagkilos o gawain. Muli nitong tinutukoy at itataguyod ang ating pakikipag-ugnayan sa isa't isa at sa ating nag-iisang tahanan. Ang kanilang pangmalawakang pagdulog o pamamaraan ay kumikilala sa pandaigdig na limitasyon sa mga sistemang panlipunan - pangkabuhayang s at sa mga krisis na pang-ekolohiya na nag-uugat sa sangkatauhan. Sila ay nananawagan ng pagbabagong ispiritwal at kultural upang maisakatuparan ang integral na ekolohiya.

Ang **Pagtugon sa Daing Ng Daigdig** ay isang panawagan upang pangalagaan natin ang ating nag-iisang tahanan para sa kapakanan ng lahat. , habang tinutugunan natin ang krisis pangklima , pagkawala ng iba't ibang anyo ng buhay ; ang pagpapanatili ng ekolohiya . Ang mga sumusunod ay mga mungkahing pangkat ng gawain o pagkilos upang makasulong tungo pagsasakatuparan ng ating mga layunin.

- Pangangalaga sa ating klima sa pamamagitan ng paglalagay ng mga solar panels , paggamit ng mga insulasyon sa mga gusali , pagbili ng mga renewable energy kung saan maaaring makuha at paglalagay ng mas malinis at mas mahusay na lutuan o kasangkapan sa bahay
- Pangangalaga sa iba't ibang anyo ng buhay sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga katutubong puno , , pag-aalis ng mga mapanalakay na species , pagsasagawa ng Agrikulturang regenerative. at pangangalaga sa mga nagsasagawa ng polinasyon.
- Pangangalaga sa daluyan ng tubig at lupa sa pamamagitan ng pagtitiyak ng paggamit ng maayos na pataba , pagkakaroon ng Drip Irrigation o ang paggamit ng sistema ng patubig kung saan direktang dumadaloy ang tubig sa mga ugat ng mga halaman , sa tamang panahon at dami. at iba pang modelo ng konserbatibong irigasyon , pagtatanim ng mga halaman na nagpapahina ng daloy ng tubig upang mabawasan ang erosyon ng lupa , pagkakaroon ng regular na pag-aalis ng basura at mga kampanya para maiwasan ang mga ito at pagsisikap na makagawa ng paraan kung paano mapangangalagaan ang mga ito.

Ang **Pagtugon sa Daing ng mga Maralita** ay isang panawagan upang maitaguyod ang katarungang pangkalikasan , may kamulatan na tayo ay tinatawagan upang pangalagaan ang buhay ng tao mula sa paglilihi hanggang sa kamatayan , at lahat ng anyo ng buhay sa daigdig. Ang mga sumusunod ay kasama sa mga mungkahing mga gawain o pagkilos upang matamo ang mga layunin. ( ito ay isasapinal sa darating na buwan)

- Pangangalaga sa lahat ng anyo ng buhay sa pamamagitan ng mga kaganapang edukasyunal.
- Pagbibigay paglilingkod -WASH sa pamamagitan ng pagtitiyak sa malinis na tubig , pagsasanay sa mga miyembro ng pamayanan/ komunidad hinggil sa mga kasanayan sa kalinisan , at pagtitiyak ng plano ng pamayanang binubuo ng magkakaibang miyembro ukol sa proyektong WASH .
- Pagtataguyod ang pangangalaga sa pamumuno ng mga katutubong pamayanan sa pamamagitan ng pagtitiyak ng mga karapatan ng mga pamayanang katutubo sa kanilang lupain at pagdakila sa pamumuno ng mga katutubo.
- Paghahatid ng pagkakataon na magkaroon ng malinis na kalupaan at hangin sa pamamagitan ng pagtitiyak na ang mga miyembro ng pamayanan ay may libreng pagkakataon na magkaroon ng luntiang lugar at ang lugar ng kanilang mga anak ay ligtas sa polusyon sa hangin .

- Pakikipagkaisa sa mga mahihina o bulnerable sa pamamagitan ng pagsasagawa nga pag - aaudit ng mga hamon na nararanasan ng mga pamayanan , paghahatid ng mga programang tutugon sa mga pangunahing pangangailangan at paghahatid ng mga programang tutugon sa mga nabigong sistema.
- Pagbabahagi ng mga kagamitan at karunungang natutunan mula sa nakatatanda , pagbabahagi ng kagamitang panlipunan , pagbabahagi ng pagkukunan ng pananalapi at pagdadaos ng mga araw ng malawakang pagkilos ng pamayanan.

**Ang Ekonomiyang Pangkalikasan a**y kumikilala na ang ekonomiya ay isang bahagi ng mas malaking sistema ng lipunang pantao , na naninirahan sa biosphere - ang ating nag-iisang tahanan. Kasama sa isang pangkat ng gawain o pagkilos upang matamo ang ating layunin ang mga sumusunod: ( isasapinal sa mga susunod na buwan)

- Pagtataguyod at pagtangkilik sa circular economy sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga pamayanang pangkalakalan at pagbili sa mga nagtitinda na gumagamit ng mga kagamitang recycled.
- Pagtitiyak na ang pamumuhunan sa pananalapi ay etikal at napapanatili sa pamamagitan ng hindi paggamit ng fossil fuels o petrolyo, pamumuhunan pananagutang panlipunang negosyo at pagpili ng mga etikal na pagbabangko at mga kumpanya ng seguro (banking and insurance)
- Pagsasagawa ng patas at sustenableng pamimili sa pamamagitan ng pagtangkilik sa mga negosyong etikal , pagkakaroon ng “total cost of ownership approach” sa mga pinamimili , paggawa ng listahan ng mga bibilhin at pagbili sa mga lokal na nagtitinda.
- Pagtitiyak ng dignidad ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pagtangkilik ng mabubuting hanapbuhay na may sapat na sweldo at benepisyo , pagtangkilik sa mga gawain ng pamamahala ng , kooperatiba , pagtangkilik sa mga nagsasagawa ng “care labor”
  ( halimbawa: nagbibigay ng paglilingkod pangkalusugan , social worker at iba pa.) at pagbili sa mga kooperatiba at iba pang etikal na negosyo.

- Pakikilahok sa “gift economy “ ekonomiyang nababatay sa pakikipag-ugnayan , pagbibigay ng mga bagay o serbisyo na walang kikitain ) , sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga halaga nito.

**Ang Pagpapatibay ng mga Sustenableng Pamumuhay** ay nagmumula sa kaisipan ng kasapatan at pagtataguyod ng kahinahunan sa paggamit ng mga yaman at enerhiya . Kasama sa mungkahing pangkat ng gawain o pagkilos tungo sa pagtatamo ng layunin nito ang mga sumusunod (isasapinal sa mga susunod na buwan)

- pagpapabuti ng pagpapanatili ng mga gusali sa pamamagitan ng paglalagay ng mas malinis at mas mabisang pag-iilaw , pagbabawas ng paggamit ng pagpapainit at pagpapalamig ( heating and air conditioning) at ang paglalagay ng mga mababang flow taps

- Pagpapabuti ng pagpapanatili ng transportasyon sa pamamagitan ng pagdadagdag ng paggamit ng de-kuryenteng sasakyan o bisikleta sa halip na air and auto trips.
- pagpapabuti ng diyeta sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga basurang pagkain , pagkokompost , hanggat maaari , pagbili ng mga pagkain sa mga lokal na prodyuser at pagkain ng mga pagkain mula sa mga halaman sa halip na mula sa karne.
- pagpapabuti ng pagpapanatili ng mga pagbili sa pamamagitan ng hindi paggamit ng disposable plastic , styrofoam , wastong pagrerecycle hanggat maaari at pagbabawas sa pagbili ng kung ano-anong mga bilihin.

**Ecological Education** is about re-thinking and re-designing curricular and institutional reform in the spirit of integral ecology in order to foster ecological awareness and transformative action. *A proposed set of actions to make progress towards this goal includes the following (to be finalized in the coming months).*

**Ang Edukasyong Pang-ekolohiya** ay ang muling pag-iisip at muling pagdidisenyo ng mga kurikular at institusyunal na pagbabago sa diwa ng integral na ekolohiya upang maitaguyod ang kamalayang pangkalikasan at mapagpanibagong pagkilos. Kasama sa mungkahing pangkat ng gawain o pagkilos tungo sa pagtatamo ng layunin nito ang mga sumusunod (isasapinal sa mga susunod na buwan)

- Pagsasagawa ng oportunidad na matutunan ang Laudato Si sa pamamagitan ng implementasyon ng Plano sa Edukasyong ng Laudato Si at pagtitiyak na ang mga miyembro ay may nalalaman sa lokal na ecosystem , ang dimensyong pang-agham at panlipunan ng mga krisis pang-ekolohiya at mga kabutihang pangkalikasan.
- Pagtitiyak na ang edukasyon ay pinangungunahan ng pamayanan sa pamamagitan ng paglikha ng mga oportunidad sa mga gawaing pinangungunahan ng mga kabataan , at makapagsagawa ng mga mekanismo o pamamaraan upang kilalanin sa publiko ang mga kabataan dahil sa kanilang pamumuno.

- Maghabi ng mga tema ng Laudato Si sa mga komunikasyon ng pamayanan sa pamamagitan ng regular na pagtatampok sa mga pampahayagang kasulatan o news letter/ mga pahayagan o patalastas at

sa social media at sa paghihimok sa mga miyembro ng pamayanan na magsagawa ng Laudato Si Plans.

- Paghahatid ng pantay-pantay na pagkakataon sa edukasyon sa pamamagitan ng pagtitiyak na nabigyan ng sapat na edukasyon ang mga pangkat na walang kinatawan , paghuhubog ng programang pang-edukasyon na kinasasangkutan ng mas malawak na iba't ibang tao , pagbibigay ng angkop na edukasyong kultural /mga alternatibong pamamaraan ng edukasyon at pagtitiyak na nagtataguyod ito ng karapatang pantao at dignidad .

**Ang Pang-ekolohiyang Ispiritwalidad ay** nagpapanumbalik ng relihiyosong pananaw sa mga nilikha ng Diyos at humihikayat ng higit pang pakikipag-ugnayan sa kalikasan sa diwa ng pagkamangha , papuri , tuwa at pagtanaw ng utang na loob. Kasama ang mga sumusunod sa pangkat ng mga gawain o pagkilos upang matamo natin ang layunin . ( Isasapinal ito sa mga susunod na buwan).

- Ang pagdiriwang ng Panahon ng mga Nilikha sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa pagiging punong abala sa mga kaganapan sa iba pang pamayanan , na pampublikong nagdadasal para sa kaligtasang panlipunan at pangkalikasan sa panahon , na nagsasagawa ng taunang gawain sa sa loob ng pagdiriwang ng panahon , at naglalathala ng mga taunang pahayag ng pagtangkilik sa Panahon ng mga Nilikha
- Pasiglahin ang pampamayanang pagninilay sa Laudato Si sa pamamagitan ng pagsasalita o pagtalakay ng mga pinuno ng pamayanan tungkol dito ,

pagbilang sa kanila sa mga liturhikal na pagdiriwang at magsagawa ng pag-aaral at gabay sa pagdarasal na maaaring gamitin.

- Pananalangin sa kalikasan sa pamamagitan ng pagbababasbas sa mga lugar sa kapaligiran bilang pook ng pagninilay /meditasyon at ang regular na pagdarasal dito , pagkakaroon ng gawaing pananalangin sa labas at paglikha ng journal ng panalangin , paskilan (bulletin board) o iba pang paraan ng pagtatala at pagbabahagi ng mga panalangin nagawa sa kalikasan

**Ang Pakikipag-ugnayan sa Pamayanan at Sama-samang Pagkilos** ay nagpapasigla sa pagbubuo ng kultura at mga polisiya na nangangalaga sa ating nag-iisang tahanan at sa lahat ng nananahan dito . Kasama sa pangkat ng mga gawain o pagkilos sa pagtatamo ng layunin nito ang mga sumusunod:( isasapinal sa mga susunod ng mga buwan)

- Pagtataguyod ng panlipunan at pangkalikasang kapakanan sa pamamagitan ng pagtukoy ng pokus ng mga polisiyang panlipunan/pangkapaligiran , pag-oorganisa ng pampubliko o pribadong kaganapan kasama ng mga opisyal upang talakayin ang mga isyung pang-adbokasiya , pagpapanatili ng regular na pagrepaso sa mga polisiya at pagbabahaginan sa pamayanan ng kasalukuyang kaganapan , at ang pagpapahayag ng lider ng pamayanan tungkol sa mga isyung pang-adbokasiya.
- Himukin ang madla sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga kaganapang panlipunan at pangkalikasan , ang regular na pagtuklas sa mga lokal na ecosystem bilang isang pangkat , pagsusulat para sa lokal na pahayagan o kaya ay pagbibigay ng komentaryo sa mga lokal na balita na may kaugnayan sa mga tema ng Laudato Si.
- Pagbubuo ng mga panlipunang pagtugon sa mga magkakatulad na hamon sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga lider upang matukoy ang mga paraan kung paanong masusuportahan ng Simbahan

ang inyong programang panlipunan at pangkalikasan at ang pagbubuo ng koalisyon ng pamayanan upang mapaghandaan at makatugon sa mga umuusbong na krisis na panlipunan .

- Pagpapaunlad ng katatagan sa pamamagitan ng pagsusuri sa pisikal , panlipunan , ispiritwal na pamamaraan kung paanong ang inyong pamayanan ay maaapektuhan ng pagbabago ng klima at pagkawala ng iba't ibang anyo ng buhay ; at paggawa ng plano upang matatag na makapaghanda para sa mga pagbabagong nagaganap , pagtitiyak na ang mga gusali ay nakahanda para sa pagbabago ng init , bagyo , intensidad at pagtaas ng lebel ng karagatan at pagtitiyak na ang mga miyembro ng pamayanan ay maaaring magtungo sa ibang lugar sa panahon ng mga sakunang dulot ng panahon.